


# Toyota City Tablet (iPad) para sa Pag-aaral

# Operation Guidebook

＜Para sa magulang＞ April 2024

Talaan ng nilalaman


1 Pasimula

2 Paraan ng paggamit ng Tablet (iPad) para sa pag-aaral

3 Upang mabigyan ng proteksyon ang mga bata

4 Pagtatapos


## 1 Pasimula

Sa guidebook na ito nakasaad ang dalawang (2) bagay sa paggamit ng maayos ng tablet (iPad) ng mga mag-aaral sa elementarya at Junior highschool sa Toyota City.

- **Layunin at paraan ng paggamit ng tablet para sa pag-aaral (iPad)**
- **Mga panuntunan sa paggamit ng tablet para sa pag-aaral (iPad)**

Ang tablet (iPad) para sa pag-aaral ay ipinahiram sa bawat bata mula sa Toyota City, at nararapat ang maingat na paggamit. Ang tablet (iPad) para sa pag-aaral ay isang mahusay na gamit upang mapabuti ang epekto sa pag-aaral kapag ginamit nang wasto, subalit maaaring humantong sa mga seryosong insidente kung hindi sinusunod ang mga alituntunin at hindi wasto ang paggamit. Mangyaring basahin ang guidebook na ito kasama ng inyong anak at gamitin ito ng ligtas at epektibo sa pag-aaral ng inyong anak sa bahay.

## 2 Paraan ng paggamit ng Tablet (iPad) para sa pag-aaral

### ❶ Layunin ng paggamit

Ang tablet (iPad) ay gagamitin sa pag-aaral upang malinang ang mga sumusunod na kakayahan.

- Kakayahang magbuo ng mga layunin at matuto nang sistematiko ………… <Pagiging Independente / Self study>
- Kakayahang pumili, kumonekta, at maghatid ng impormasyon ………… <Kakayahan sa wika, kakayahan sa paggamit ng impormasyon>
- Kakayahang makapaghanap ng tema at lutasin ang mga ito kasama ang iba……… <Pakikipagtulungan, kakayahan sa paghanap ng problema / paglutas >

### ❷ Lugar kung saan gagamitin

☐ Ito ay karaniwang gagamitin sa paaralan at bahay. Maaari din itong gamitin sa leksyon sa labas ng paaralan.

### ❸ Mahahalagang bagay na kailangang suriin bago gamitin

☐ Huwag gamitin sa basa o mamasa-masang lugar tulad ng basang kamay o malapit sa water bottle.
☐ Isipin natin ang rason kung bakit hindi dapat gamitin sa mga maalikabok o mabuhangin na lugar.
☐ Huwag gamitin sa mga lugar na may mataas na temperatura tulad ng lugar na may malakas na sikat ng araw o malapit sa stove.
☐ Palaging panatilihing nasa malapit ang tablet para sa pag-aaral at mag-ingat na hindi maiwan sa ibang lugar o maiwala ito.
☐ Isipin din ang mga hindi inaasahan na pagkakataon tulad ng pagkasira mula sa maling paggamit tulad ng paggamit habang naglalakad (pagbagsak), pagtakbo habang hawak ito (pagbagsak ) o paglalagay sa sahig o lupa(pagyapak).
☐ Huwag ipatong sa ibabaw ng tablet ang mga libro at pencil case at ayusin ang ibabaw ng study desk bago gamitin.
☐ Kung gagamitin habang nakatayo, gumamit ng band para sa balikat (Grade 5 pataas).
☐ Pindutin ang screen ng tablet gamit ang daliri o touchpen, at isipin kung bakit hindi dapat gumamit ng matigas na bagay.
☐ Iwasan ang mga magnet at iba pang mga bagay na maaaring maging sanhi ng pagkasira ng tablet.

### ❹ Tungkol sa pagtatago

☐ Sa paaralan, itatago ito sa isang kuwartong may lock at maaaring i-recharge.
- Sa umaga, ilalabas ito kung gagamitin at ibabalik muli ng maayos bago umuwi.

☐ Hindi ito maaaring ilabas ng paaralan nang walang pahintulot.
☐ Kung dadalhin ito sa bahay para gamitin, huwag ilalabas sa bag sa oras ng pagpasok at pag-uwi galing sa paaralan.
☐ Kung ilalagay sa bag para iuwi,siguraduhin na maglagay ng proteksyon para sa screen, at huwag pilitin (huwag isiksik ) na ilagay sa bag .

### ❺Mga mahalagang paalala sa pag-save / paglipat ng data * Tingnan ang pahina 4 para sa mga detalye

☐ Para sa mga data na ginawa sa tablet at na-import mula sa Internet, ang data lamang na naaprubahan ng guro para sa pag-aaral ang maaaring mai-save sa cloud na itinalaga ng paaralan.
☐ Hindi maaaring magsave ng data sa tablet.
☐ Kung walang instruction mula sa school, hindi maaaring mag-upload o mag-download ng data mula sa itinalagang cloud ng paaralan sa iyong personal na computer.
☐ Hindi maaaring ikonekta sa tablet para sa pag-aaral ang recoding media tulad ng personal computer o USB atbp.
- Ang mga earphone at AC adaptor lamang ang maaaring ikonekta ng direkta.
- Ang maaari lamang ikonekta nang wireless ay ang Wi-Fi na nirentahan sa inyong bahay o sa lungsod.

☐May mga file na galing sa internet na delikado kaya huwag magdownload kung hindi kailangan at pag-isipan kung ano ang mangyayari kung idownload ito.

### ❻ Pagkuha ng litrato, video at voice recording gamit ang camera

☐ Kung nais gamitin ang camera at voice recorder sa paaralan, magpaalam sa guro.
☐ Kung nais gamitin ang camera at voice recorder sa bahay, magpaalam sa magulang.
☐ Siguraduhing humingi ng pahintulot kung kukuha ng picture o voice recording ng tao o ng gamit at bahay.




### ❼ Mga kailangan sa paggamit ng setting * Tingnan ang pahina 4 para sa mga detalye

☐ Hindi maaaring baguhin ang setting ng tablet para sa pag-aaral kung walang instruksyon ng teacher.
☐ Hindi maaaring baguhin ng mag-isa ang passcode, screen setting, pagdelete ng app at iba pang limits.
☐ Huwag ipapaalam ang passcode at password sa sinuman maliban sa guro at magulang. Sabihin kaagad sa teacher kung ginamit at may kakaibang nangyari at isipin kung ano ang maaaring mangyari kung pababayaan lamang ito.
☐ Sa labas ng paaralan, hindi maaaring kumonekta sa iba bukod sa Wi-Fi ng inyong sariling bahay kung walang pahintulot ng paaralan.
☐ Hindi maaaring magdagdag ng mga bagong app o magdadgag / mag-alis ng mga functions kung walang pahintulot ng paaralan.
☐ Ang Microsoft account ay hindi maaaring gamitin sa ibang bagay bukod sa pag-aaral.

### ❽ Tungkol sa personal na impormasyon * Tingnan ang pahina 4 para sa mga detalye

☐ Hindi maaaring ipahiram, ipadala sa iba o hayaan ang sinumang gumamit ng iyong tablet.
☐ Hindi isisiwalat ang iyong personal na impormasyon o ng ibang tao sa Internet.
☐ Siguraduhin na huwag magsulat o magpost sa internet ng mga bagay na masama at nakakasakit ng kalooban.

### ❾ Mga bagay na dapat pag-ingatan sa paggamit sa inyong bahay

☐ Pag-usapang mabuti sa bahay ang oras at rule ng paggamit.

| | | |
|---|---|---|
| (Target) | Elementarya | hanggang alas 9:00 ng gabi |
| | Junior high school | hanggang alas 10:00 ng gabi |

☐ Magpasya kung saan gagamitin at ang lugar na paglalagyan sa bahay. Hindi ito maaaring ipatong sa sahig, silya at kama at pag-isipan kung bakit hindi ito dapat ilagay sa mga lugar na ito.
☐ Ipaalam kaagad sa paaralan kung nasira, nawala o nanakaw habang iniuuwi sa bahay.
☐ Huwag gamitin habang kumakain o umiinom.
☐ Hindi gagamitin na walang kaugnayan sa pag-aaral.
(Halimbawa) Pag-access sa mga website o paglalaro ng mga games bilang libangan. Pakikipag-ugnayan ng personal o kompetisyon sa pamamagitan ng SNS o email.
* Para sa kaligtasan, ang lahat ng mga operation ay nakarecord. Ang ilang function ay pinatigil din.
☐ Gamitin ito habang nakakabit sa case.
☐ Kung iuuwi ang charger, siguraduhin na irecharge ito sa gabi bago dalhin sa paaralan.

### ❿ Para sa kalusugan

☐ Isaayos ang posture at ilayo ang screen ng tablet ng 30cm pataas tuwing gagamitin.
☐ Ilayo sa screen ang mata ng 20 segundo pataas sa bawat 30 minuto, tumingin sa malayo at papagpahingahin ang mga mata.
☐ Itigil ang paggamit ng tablet isang oras bago matulog.
☐ Ibagay ang liwanag ng screen ng tablet sa liwanag ng kuwarto. Sa gabi, gawing madilim ang setting.

### ⓫ Kung may trouble

☐ Kung nag-access sa kahina-hinalang web site at natatakot o nakakaramdam ng anumang panganib, isara ang tablet para sa pag-aaral at ipaalam kaagad sa mga matatanda (guro at magulang) na malapit sa iyo.
☐ Kung ang tablet ay nasira o nawala, agad na ipagbigay-alam sa isang nakakatanda (guro o magulang) na malapit sa iyo.
Kung masira dahil sa maling paggamit at higit pa sa nakasaad dito sa guidebook, ang ilang bahagi ng bayarin para sa pagpapaayos ay sasagutin ng magulang.

### ⓬ Mga paghihigpit sa paggamit

☐ Kung hindi susundin ang mga panuntunang nakasaad dito, maaaring hindi ipagamit ang tablet para sa pag-aaral.

## 3 Upang maprotektahan ang mga bata (tungkol sa information security)

- **Ang guro ay mayroong kaalaman tungkol sa digital citizenship at siyang magiging halimbawa.**
- **Kung magkaroon ng problema, ipapaalam ito sa buong paaralan at bibigyan ng mabilis na aksyon.**

| | Delikadong gawain | Impormasyong maaaring gamitin |
|---|---|---|
| □ | Kapag ang personal na impormasyon ay naipalabas sa Internet.<br>**※ Ang personal na impormasyon ni ● ay protektado rin ng operasyon ng cloud na nakatugon sa educational information security policy.** | ○ Mga personal na impormasyon na maaaring gamitin sa tablet para sa pag-aaral<br>Apelyido o pangalan (kinakailangan sa operasyon ng One drive ang buong pangalan kapag gumagamit ng SKYMENU, Qubena, Office 365 atbp ), mga nagawang bagay (opinyon, ginawang bagay, report , atbp.), Mga larawan at video na hindi tumutukoy sa mga personal na pangalan, libangan at kagustuhan (tulad ng pagpapakilala sa sarili sa mga exchange lessson) , log ng screen operation atbp<br>X Mga personal na impormasyon na hindi maaaring gamitin sa tablet para sa pag-aaral<br>Sensitibong impormasyon tulad ng address, numero ng telepono, email address, petsa ng kapanganakan, larawan na tumutukoy sa personal na pangalan, mga marka, atbp. |
| □ | Bayolasyon ng karapatan o portrait right ng ibang tao sa pag-download ng mga ilegal na imahe at video. | -Lahat ng mga larawan, video, kanta at teksto na na-upload sa Internet, kabilang ang mga libreng site, ay may copyright ng mga may-akda.<br>· Ipinagbabawal ang pagda-download lalo na ng mga video. |
| □ | Nakalimutan ang passcode atbp.<br>Baguhin ang passcode atbp nang walang pahintulot. | · Kung nakalimutan, mangyaring makipag-ugnay sa paaralan.<br>· Huwag baguhin ng walang pahintulot ang passcode. Ito ay para sa mga guro upang buksan ang tablet para sa pag-aaral at suriin ang status ng pag-aaral. |
| □ | Mag-download ng mga app na hindi nauugnay sa pag-aaral | · Ang mga setting ay hindi mababago nang walang pahintulot mula sa paaralan. Mahigpit na ipinagbabawal ang pag-download ng mga personal na app. |
| □ | Ang impormasyon ay nakuha dahil sa pagkonekta sa Wi-Fi sa labas ng bahay. | · Sa labas ng paaralan, maaari ka lamang kumonekta sa Wi-Fi sa bahay o sa Wi-Fi na pinapayagan ng paaralan. |
| □ | Kung naka access sa mga delikadong website | · Mangyaring suriin ang paggamit ng iyong anak paminsan-minsan. Ang mga delikadong sites ay naka-block subalit ito ay limitado. Kung mayroon kang anumang mga problema, mangyaring makipag-ugnay kaagad sa paaralan. |
| □ | Hindi inaasahang pagsingil mula sa mga sites na may bayad ang serbisyo | · Mangyaring makipag-ugnay kaagad sa paaralan. Mangyaring tandaan na hindi babayaran ang halagang sinisingil. |

## 4 Pagtatapos

Ano'ng uri ng mundo ang ating kahaharapin sa loob ng 10 taon? Nakatitiyak na ang AI at ang mga tao ay magkasamang namumuhay. Kabilang din dito ang paglikha ng mga tao ng isang bagong lipunan kung saan gumagawa ng mas mahusay na mga desisyon sa pamamagitan ng mabisang paggamit ng ICT at paggamit ng "kakayahan na mayroon lamang ang mga tao" tulad ng pagiging sensitibo sa mga magagandang bagay.

Isang malaking karangalan na ang mga bata ay lumaki sa Toyota City at inaasahan namin na mapalawak nila ang kanilang mga pananaw hindi lamang sa Japan pati na rin sa buong mundo at magamit ang kanilang sari-sariling mga katangian upang makagawa ng pagbabago sa hinaharap na lipunan. Ang paggamit ng tablet bilang bagong paraan ng pag-aaral ay inaasahan namin na makakatulong at ito ay patuloy naming susuportahan.

April 2024 Toyota City Board of Education

| Paaralan | Grade/Seksyon/Numero | Pangalan | Pangalan ng magulang |
|---|---|---|---|
| | | | |